Mensahe Sampu

## Ang Dibinong Karapatan ng mga Diyos-tao na Makilahok sa Pagkadibino ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Juan 3:15; Roma 8:14, 16, 23, 29-30; 2 Cor. 3:18; Efe. 1:4-5; 1 Juan 3:2

**I. Kailangan nating matanto na, bilang mga Diyos-tao, mayroon tayong dibinong karapatan na makilahok sa pagkadibino ng Diyos, yaon ay, ang makilahok sa Diyos—Juan 3:15; 2 Ped. 1:4:**

A. Ang unang hakbang sa pagiging Diyos-tao ay yaong tayo ay ipinanganak ng malahanging Kristo sa ating espiritu na may dibinong buhay at kalikasan Niya—Juan 3:6; 2 Ped. 1:4.

B. Bilang mga Diyos-tao, yaong mga ipinanganak ng Diyos upang maging mga anak ng Diyos, mayroon tayong karapatang makilahok sa kung ano ang Diyos at maging Diyos pa nga sa buhay, kalikasan, at kahayagan ngunit hindi sa pagka-Diyos—Juan 1:12-13; Roma 8:16; 1 Juan 3:1.

**II. Bilang mga Diyos-tao, maaari tayong makilahok sa iba't ibang aspekto ng pagkadibino ng Diyos:**

A. Maaari tayong makilahok sa buhay ng Diyos—Efe. 4:18; Juan 1:4; 10:10; 11:25:

1. Ang buhay ay ang nilalaman ng Diyos at ang pagdaloy ng Diyos; ang nilalaman ng Diyos ay ang katangian ng Diyos, at ang pagdaloy ng Diyos ay ang pamamahagi ng Kanyang sarili bilang buhay sa atin—Apoc. 22:1.
2. Ang buhay ng Diyos ay dibino, tinataglay ang kalikasan ng Diyos, at walang hanggan, di-nilikha, walang simula at katapusan, sariling-umiiral, magpakailanmang umiiral, at hindi kailanman nagbabago—Juan 3:15; 1 Juan 2:25; 5:13, 20.
3. Ang walang hanggang buhay ng Diyos ay di-nasisira, di-nawawasak, at di-nabubulok, at ito ay pagkabuhay na muling buhay na dumaan sa mga pagsubok ng kamatayan at Hades, dinaig ang kamatayan, at lululon sa kamatayan—Heb. 7:16; Gawa 2:24; Apoc. 1:18.
4. Ang buhay ay ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos na ipinamahagi tungo sa atin at namumuhay sa atin—Roma 8:6, 10-11.

B. Maaari tayong makilahok sa kalikasan ng Diyos—Efe. 1:4; 2 Ped. 1:4:

1. Ang dibinong kalikasan ay kung ano ang Diyos, yaon ay, ang bumubuong sangkap ng Diyos Mismo.
2. Ang Diyos ay banal; ang kabanalan ay ang Kanyang kalikasan, at pinili niya tayo sa loob ni Kristo upang gawin tayong banal, gaya Niya namang banal—Efe. 1:4; 1 Ped. 1:15-16:
   a. Ang maging banal ay ang makilahok sa banal na kalikasan ng Diyos—Efe. 1:4.
   b. Sa pagkapili sa atin na maging banal, ginagawa tayong banal ng Diyos sa pamamagitan ng pamamahagi ng Kanyang sarili, ang Banal na Isa, tungo sa ating katauhan nang sa gayon ang ating buong katauhan ay matigmakan at malaganapan ng Kanyang banal na kalikasan—1 Ped. 1:15-16.
3. Ang maging nakikibahagi sa dibinong kalikasan ng Diyos ay ang maging nakikibahagi sa mga elemento, mga sangkap, ng katangian ng Diyos—Efe. 3:8.

4. Araw kada araw dapat tayong makibahagi sa kalikasan ng Diyos at tamasahin ang bumubuong sangkap ng Kanyang katangian—2 Ped. 1:4.

C. Dahil naging mga Diyos-tao tayo sa pamamagitan ng pagkasilang na muli, mayroon tayong karapatang makilahok sa kaisipan ng Diyos—1 Juan 2:27; Fil. 2:5; 1 Cor. 2:16:
   1. Tayo ay nasa Diyos, at taglay natin ang mga elemento ng Diyos; taglay pa rin natin ang ating kaisipan, subalit taglay din natin ang kaisipan ng Diyos sa atin—Fil. 2:5.
   2. Kapag kumikilos ang pagpapahid sa loob natin, ipinapahid nito ang Diyos tungo sa atin at inihahayag sa atin ang kaisipan ng Diyos—1 Juan 2:27.
   3. Kung hahayaan natin ang kaisipan ni Kristo na maging ating kaisipan, maaari nating taglayin ang kaisipan ni Kristo—Fil. 2:5:
      a. Hindi lamang tayo may buhay ni Kristo bagkus ang kaisipan din ni Kristo—1 Cor. 2:16.
      b. Dapat tigmakan ni Kristo ang ating kaisipan mula sa ating espiritu, ginagawang kaisa sa Kanya ang ating kaisipan—b. 16; Efe. 4:23.

D. Ang mga Diyos-tao ay may karapatang makilahok sa katangian ng Diyos—1 Cor. 3:18:
   1. Ang batayan natin sa pagsasabi nito ay ang salita ni Pablo sa 2 Corinto 3:18 tungkol sa ating pagiging natransporma sa mismong katangian ng Diyos.
   2. Ang pamamahagi ng di-malirip na kayamanan ni Kristo tungo sa atin ay nangangahulugang nakikilahok tayo hindi lamang sa buhay, kalikasan at kaisipan ng Diyos bagkus gayundin sa Kanyang katangian—Efe. 3:8.

E. Bilang mga Diyos-tao, mayroon tayong karapatan na makilahok sa larawan ng Diyos—2 Cor. 3:18:
   1. Si Kristo ang larawan ng Diyos, inihahayag kung ano Siya—Col. 1:15; 2 Cor. 4:4.
   2. Ayon sa 2 Corinto 3:18, tayo ay “[tinatransporma] tungo sa gayunding larawan.”
   3. Ang matransporma tungo sa gayunding larawan ay ang maiwangis sa nabuhay na muling Kristo bilang ang panganay na Anak ng Diyos, upang gawing Katulad Niya—Roma 8:29.

F. Sa kalaunan, tayo ay madadala tungo sa kaluwalhatian ng Diyos upang makilahok sa Kanyang kaluwalhatian—Heb. 2:10:
   1. Ang Diyos ay ang Diyos ng kaluwalhatian; ang kaluwalhatian ay ang kahayagan ng Diyos, ang Diyos na nahayag sa karilagan—Gawa 7:2; 1 Cor. 2:7; 2 Cor. 3:18; 4:6.
   2. Ang walang hanggang gol ng Diyos ay ang dalhin ang Kanyang maraming anak tungo sa kaluwalhatian—Heb. 2:10.
   3. Ang nagpapaloob ng lahat na Kristo ay nananahan sa atin bilang pag-asa ng kaluwalhatian—Col. 1:27.
   4. Habang tinitingnan at inaaninag natin ang kaluwalhatian ng Panginoon, tayo ay tinatransporma tungo sa larawan ng Panginoon mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian—2 Cor. 3:18.

G. Ang isa pang aspekto ng dibinong karapatan ng mga Diyos-tao ay ang makilahok sa pagkaanak ng Diyos—Efe. 1:5; Roma 8:23:
   1. Bago ang pagtatatag ng sanlibutan—sa walang hanggang nakalipas—itinalaga na tayo noong una pa ng Diyos tungo sa pagkaanak—Efe. 1:5.

2. Bago pa magsimula ang panahon, nilayon at ipinasya ng Diyos na dapat tayong makilahok sa Kanyang pagkaanak—b. 5.
3. Dinadala tayo ng pagtutubos ni Kristo tungo sa pagkaanak ng Diyos, at natanggap natin ang espiritu ng pagkaanak—ang ating naisilang na muling pantaong espiritu na naihalo sa Espiritu ng Anak ng Diyos—Gal. 4:6; Roma 8:15.

H. Ang karapatan ng mga Diyos-tao na makilahok sa pagkadibino ng Diyos ay kinapapalooban ng karapatang makilahok sa pagpapakita ng Diyos—b. 19:
1. Kapag si Kristo na ating buhay ay nahayag, mahahayag din tayong kasama Niya sa kaluwalhatian—Col. 3:4.
2. Kapag ang Diyos ay nahayag, tayo, na mga anak ng Diyos, ay makikilahok sa pagpapakitang iyon—Roma 8:19.
3. Ang Diyos ay mahahayag kasama ng Kanyang mga anak (Heb. 2:10), na magiging katulad Niya sa buhay, sa kalikasan, sa kaisipan, sa katangian, sa larawan, at sa kaluwalhatian (Roma 8:19).

I. Ang dibinong karapatan ng mga Diyos-tao na makilahok sa pagkadibino ng Diyos ay kinapapalooban ng karapatang taglayin ang wangis ng Diyos—1 Juan 3:2:
1. Sinasabi ng 1 Juan 3:2, "Nalalaman nating kung Siya ay mahayag, tayo ay magiging katulad Niya, sapagkat Siya ay ating makikitang gaya ng Kanyang sarili."
2. Kapag si Kristo ay nahayag, ang Tres-unong Diyos ay mahahayag, kapag nakikita natin Siya, makikita natin ang Tres-unong Diyos; at kapag tayo ay katulad Niya, tayo ay magiging katulad ng Tres-unong Diyos—b. 2:
   a. Malinaw nitong inihahayag na tataglayin natin ang Kanyang wangis.
   b. Hindi lamang tayo makikilahok sa buhay at kalikasan ng Diyos bagkus tataglayin din ang Kanyang wangis—Efe. 4:18; 2 Ped. 1:4; 1 Juan 3:2.

J. Sa katapus-tapusan, ang mga Diyos-tao ay may dibinong karapatan na maging Diyos-taong uri, mga kauri ng Diyos—Juan 1:12-13; Roma 8:14, 16:
1. Ang Diyos ay naging tao upang pumasok tungo sa pantaong uri, at ang tao ay naging Diyos sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos upang pumasok sa kinasasaklawan ng dibinong uri ng Diyos—Juan 1:1, 12-14; 2 Ped. 1:4.
2. Upang makapasok sa dibinong kinasasaklawan—ang kinasasaklawan ng dibinong uri—kailangan nating maipanganak ng Diyos upang magkaroon ng dibinong buhay at ng dibinong kalikasan—Juan 1:12-13; 3:3, 5-6, 15; 2 Ped. 1:4:
   a. Tayo ay isinilang na muli upang maging mga kauri ng Diyos at maging Diyos-taong uri—Juan 1:12-13 .
   b. Ang ating ikalawang kapanganakan, ang pagkasilang na muli, ang nagsanhi sa ating makapasok sa kaharian ng Diyos upang maging mga kauri ng Diyos—3:3, 5-6.
   c. Ang lahat ng anak ng Diyos ay nasa dibinong kinasasaklawan ng dibinong uri—1:12-13; 3:3, 5.
   d. Makikita natin sa Ebanghelyo ni Juan ang maraming aspekto ng mananampalataya na namumuhay sa kinasasaklawan ng dibinong uri—1:16; 15:4a, 9, 11; 4:23-24; 14:2, 20, 23; 17:22-24.
3. Saanman tayo naroroon, kailangan nating tandaan na tayo ay mga Diyos-tao na may dibinong karapatan na makilahok sa pagkadibino ng Diyos—Col. 3:4; Efe. 1:4-5; 2 Cor. 3:18; 2 Ped. 1:4.

*© 2023 Living Stream Ministry*